Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Aspekto ng Salitang Kilos

Salungguhitan ang salitang kilos sa bawat pangungusap. Isulat sa patlang ang tamang bilang batay sa aspekto ng salitang kilos.

1 = salitang kilos na ginawa na
2 = salitang kilos na ginagawa pa
3 = salitang kilos na gagawin pa lang

_____ 1. Hihiramin ko ang laruan ni Felix.

_____ 2. Si Justin ang bumili ng pagkain para sa aso.

_____ 3. Sumasakay ako sa dyip sa tamang lugar.

_____ 4. Ang aklat na ito ay binabasa ko.

_____ 5. Babantayan ko ang mga bata habang wala kayo.

_____ 6. Ako ang nagluto ng adobong manok.

_____ 7. Si Luisa ang nagsulat ng liham na ito.

_____ 8. Tatawid tayo kapag berde na ang ilaw.

_____ 9. Ang *costume* ay dadalhin ko bukas.

_____ 10. Nakikinig ako sa guro namin.

_____ 11. Narinig mo ba ang ingay na iyon?

_____ 12. Ang bus ay humihinto sa kanto.

_____ 13. Uminom siya ng gamot para sa lagnat.

_____ 14. Ang telebisyon ay inaayos ni Mang Bert.

_____ 15. Babayaran ni Jimmy si Mang Bert mamaya.

© 2013 Pia Noche